Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna
-44-

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

Kinilala ng kapulungan ang pagdalo ni Kag. Apego ng Barangay Pook, may kinalaman sa kanilang kahilingan na malaanan ang kanilang barangay ng salapi upang idagdag sa pagpapagawa ng isang Day Care Center na kasalukuyang gagastusan ng pamahalaang nasyonal sa tulong ni Senador Joey Lina. Pinagpasiyahan ng kapulungan na payuhan ang kagawad na ipagpatuloy na muna ang pagawain sa gastos ng nasyonal at kung anuman ang kulang ay saka maglalaan ang pamahalaang bayan ng salaping panustos.

****

Sa puntong ito ay inihain ni Kag. Bustamante ang isang liham hinggil sa kasalukuyang ginagawang pamilihan sa barangay Balibago, kung saan ang mga magtitinda ay nasa daan na nagiging sanhi ng trapiko at maruming kapaligiran. Matapos ang pagtatalakayan ay pinagpasiyahan ng kapulungan na iliwat ang paksa sa Tanggapan ng Punong-bayan upang siyang tumawag ng isang pagpupulong.

****

Binigyang pansin naman ni Kag. Puzon ang kasalukuyang ginagawang gusali ng Union Bank. Pinayuhan niya ang nandoroong Pambayang Inhinyero na sukating mabuti ang daan upang maiwasan ang pribadong paggamit ng daang panlalawigan. Sinabi ni Inh. Reyes na kasalukuyan silang nakikipag-ugnayan sa kontratista ng banko para itama ang sukat ng kanilang lote.

****

APPROVED
RESOLUTION No. 308 - '93
PROVINCIAL BOARD
Hunyo 23, 1993

13

KAUTUSANG BAYAN BLG. XIII-'93
(Sa mungkahi ni Kag. Tapangco na pinangalawahan ni Kag. Almodovar)

ANG KAUTUSANG BAYAN

na nagtitibay ng paglalaan ng halagang LIMANG LIBONG PISO (₱5,000.00) mula sa kabang bayan upang iukol sa pagpapasukat ng isang hangya o alley sa Barangay Aplaya na naglalagos patungong Lawa ng Laguna.

Ipinasiya din na ang salaping inilaan ay kunin sa "Surplus of 1992 Budget".

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punong-bayan

Pinagtibay:
ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

ERIC T. PUZON
Kagawad

GIOVANNI T. BUSTAMANTE
Kagawad

JOSE B. CATINDIG, Jr.
Kagawad

ROGELIO L. LIJAUCO
Kagawad

ARTURO M. TIONGCO
Kagawad

RUFINO P. TAPANGCO
Kagawad

URBANO J. DIA
Kagawad

RONALD IAN A. DE GUZMAN
Kagawad

RESTITUTO C. ALMODOVAR
Kagawad

RAMON G. MARCELO
Kagawad